# LEARNING ACTIVITY SHEET
# Grade 4 – Araling Panlipunan

Pangalan: ___________________________Petsa:_____________Marka:__________

## Balangkas O Istruktura Ng Pamahalaan Ng Pilipinas

**Gawain 1 Maramihang Pagpili**
**Panuto:** Basahing mabuti ang tanong sa bawat aytem. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay sistemang presidensiyal na pinamumunuan ng isang pangulo. Anong sangay ng pamahalaan ang nasa ilalim ng kapangyarihan ng pangulo, kaagapay ang pangalawang pangulo at mga gabinete?

A. Sangay na Tagapagpaganap (Ehekutibo)
B. Sangay na Tagapagbatas (Lehislatura)
C. Sangay na Tagapaghukom (Hudikatura)
D. Lahat ng nabanggit.

_____2. Ang bawat sangay ng pamahalaan ng Pilipinas ay may kaniya-kaniyang kapangyarihan. Ano ang ibig sabihin nito?

A. Maaaring magmalabis sa kapangyarihan ang isang sangay.
B. Hindi maaaring impluwensiyahan ng ibang sangay ang pasya ng iba.
C. Mas makapangyarihan ang isang sangay kumpara sa iba pang sangay.
D. Naiimpluwensiyahan ng isang sangay ang iba pang sangay ng pamahalaan.

_____3. Ang Sangay na Tagapaghukom (Hudikatura) ay binubuo ng Korte Suprema at iba pang hukuman. Ano ang pangunahing tungkulin nito?

A. Pumipili ng punong mahistrado.
B. Nagbibigay ng interpretasyon ng batas.
C. Nagpapanukala ng batas na nababagay sa bansa.
D. Nagdidiin sa kasalanan ng mga taong nasasakdal.


**MELC:** *Nasusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.*
**Tala ng Guro:**
***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

_____4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapahayag na may check and balance ang bawat sangay ng pamahalaan?

A. Maaaring iwasto ng alinmang sangay ang isang sangay kung may pagkakamali ito.
B. Nagkakaroon ng kompetisyon ang tatlong sangay upang maipakita ang sangay na mas makapangyarihan.
C. Walang kapangyarihan ang isang sangay na makialam sa iba pang sangay kahit may pagkakamali ito.
D. Ang lahat ng sangay ay pantay-pantay at may magkakatulad na tungkulin at gawain.

_____5. Ang Gabinete ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng pangulo. Ano ang kahalagahan nito sa panunungkulan ng pangulo sa bansa?


A. Tinitiyak ng Gabinete ang kaligtasan ng pangulo ng bansa.
B. Laging kasama ng pangulo ang Gabinete saan man siya magpunta.
C. Kaagapay ng pangulo ang Gabinete sa paglilingkod sa mga tao.
D. Ang Gabinete ang gumagawa ng mga dapat na tungkulin ng pangulo.


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

# LEARNING ACTIVITY SHEET
# Grade 4 – Araling Panlipunan

## Gawain 2 Pagbuo ng Tsart

**Panuto:** Punan ang mga hugis sa tsart ng angkop na salita upang mabuo ang istruktura o balangkas ng pamahalaan ng Pilipinas. Piliin ang mga salita sa loob ng kahon.




| | | |
|---|---|---|
| Ehekutibo | | Tagapaghukom |
| | Senador | |
| Hudikatura | | Pangalawang Pangulo |
| | Pangulo | |
| Tagapagbatas | | Korte Suprema |


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

# LEARNING ACTIVITY SHEET
# Grade 4 – Araling Panlipunan

**Gawain 3 Paglalahad ng Opinyon**

**Panuto:** Unawain ang mga pahayag sa ibaba. Punan ang loob ng kahon batay sa hinihinging sagot sa bawat aytem. Limang (5) puntos ang bawat wasto at akmang sagot.

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| Kung bibigyan ka ng pagkakataong magmungkahi ng batas na dapat ipanukala ng Sangay na Tagapagbatas (Lehislatura), ano ito at bakit? | |
| Para sa iyo, ano ang pinakamahalagang tungkulin ng pangulo ng bansa? | |
| Naging saksi ka sa isang tao na kumuha ng gamit ng iba. Ano ang iyong gagawin? | |


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***